REP. ATIENZA. In other words, what you are saying, Mme. Speaker, this Bill will always respect the sensitivity or sensitivities of the majority of our people because we must admit, we are protecting the rights of our supposed minority so that they will not be discriminated upon. I am with you on that but we do not want to also impose on the majority our desire to be

recognized as such. “E kung gusto ko pong makilala ako bilang babae, pipilitin kong gumamit ng palikurang bayan ng babae,” this Bill will not protect you. Iyon po ba ang sinasabi ninyo?

REP. ROMAN. Mme. Speaker, the Gentleman is correct. What I am saying is that this Bill does not cover or regulate the use of comfort rooms. Nevertheless, I would like to point out one thing—the example that my colleague is citing is about people who feel that they are women or they feel that they are men and they want to use the comfort rooms of the gender that they identify with is also applicable to me. I have been entering the ladies’ comfort room for the longest time ever since I joined Congress and to my knowledge, my colleagues have accepted that as a normal thing. I think that the Gentleman himself would feel weird if I enter the men’s comfort room.

Let me go back to my explanation. I want to assure the Gentleman that this Bill does not regulate the use of comfort rooms.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, ito pong aking mga inilalahad ay hindi po kathang-isip. Ito po ay mga kaso sa Amerika, sa Europa at sa Asya, kung saan mayroon nang batas na itinutulak ngayon natin dito sa ating Kongreso. In other words, let us learn from their experience and let us be very sensitive and careful about it para hindi naman tayo malagay sa alangan.

Sa totoo lang, huli na ang batas na ito e. Maraming bansa ang mayroon na nito. Noong unang-unang ito ay nilikha ay halos kinopya lamang iyong mga batas sa ibang bansa na where there was a provision on same-sex marriage. But now, we are very happy and we take note of the acceptance of the Lady Sponsor, principal Sponsor, that that should not be insisted upon because it does not really go with the grain of Philippine values and existing laws. So, I will keep repeating for the record, number one, this does not involve same-sex marriage. Number two, this law will not force institutions of learning or training, whether religious or academic, to violate their own convention and set of policies and historical direction by insisting that, from now on because the law has been passed, exclusive women’s institutions must now accept male enrollees, at sinabi po ninyo na hindi po iyon ang intensiyon. Pipilitin nating suriin ang inyong panukala, word for word, para pagdating natin sa period of amendments, mailagay po nating lahat iyan for the protection of your good intentions and not be subjected to abuse by some who may misunderstand your good intentions.

Iyon lamang simpleng-simpleng batas na ginawa natin, mawala iyong distraction sa pagmamaneho ay hindi naintindihan ng nagpapatupad at isinama na lahat pati iyong maliliit na mga estampita, rosaryo—binawal. Ngayon, sa batas natin sa paninigarilyo, maraming mga

nagwawala sa implementation. So, malinaw po ito sa ating pinag-uusapan, and this discussion will be helpful in the court cases that will be filed eventually. Eventually, cases will arise, issues will happen, violence may even erupt—we hope not—but in the misunderstanding and misappreciation of the good intentions of the Lady, it could happen that cases in court will be litigated and will be held by the complainants and the defendants, and these proceedings that we are now holding will guide the good judges that will be hearing these cases. Lahat itong ating pinag-uusapan will form part of our deliberations, of our intentions on the law and not the interpretations of others later on. Sana po iyon ang inyong pagtanggap dito sa kahalagahan ng aking itinatanong at iyong inyong isinasagot.

REP. ROMAN. Mme. Speaker, I recognize and appreciate the concern of my colleague regarding the possible abuse of this law, but I want to assure you that the Bill by itself is very clear and that, you know, to actually go beyond what is actually stated here, although it is a natural tendency but with a very clear intention of protecting our citizens, I am sure that is also being addressed and the law itself is very clear. The clarity of the law itself is a safeguard that it will not be abused, and in case there should be abuse, as in the case of any other measure that we promulgated here in the House, there are also other laws that will also protect the victims of such scenarios that you had just cited, Mme. Speaker.

REP. ATIENZA. Uulitin ko lamang po, without being repetitious, that the intention of this proposed law is to prevent discriminatory practices anywhere against members of the LGBT community so that they may not be deprived of their rights as citizens of the land. It is not meant to impose on the greater majority of our people who may react in their own levels on the provisions of this law.

In this regard, we will now get the latest copy of your proposal, and we will also scrutinize it line by line, word for word, so that during the period of amendments, we will suggest certain words or phrases to the different provisions to make sure that we are not misinterpreted—you in particular, we in general—that this Congress has been remiss in its duty to protect the lives of everyone and not just one sector.

Mayroon din pong karapatan ang karamihan na who may not agree with our good intentions, at ang kanilang magiging reaction ay kabaligtaran sa ating magandang hinahangad. Sasabihin nila, “Ayaw namin iyan,” kaya kailangan ipaliwanag natin at iyong possible controversial provisions ay aking inilalahad para po magkaroon ng kasagutan. Ako po naman ay naliligayahan sa inyong mga sagot sapagkat iyon ay mga garantiya na hindi naman natin lalabagin ang karapatan

ng iba. We would want to protect everyone from discrimination, but we would not want to infringe also on the rights of the others and the greater majority.

REP. ROMAN. Mme. Speaker, as I said before, recognizing our rights will in no way infringe on the rights of others. Nevertheless, if the Gentleman pleases, we may go through the provisions or the controversial ones that he would like me to clarify. Mme. Speaker, I would be willing to go through those provisions.

REP. ATIENZA. So, we would like to already request the Lady that, if we will propose amendments to her proposed law, we would be considered and accommodated.

REP. ROMAN. Mme. Speaker, any measure in this House is a work in progress. The more inputs we have, the better. This is my humble opinion.

REP. ATIENZA. Maraming salamat po, Mme. Speaker. With those assurances from the Lady Sponsor, we temporarily rest our case. We will review and give all provisions of this law a second look when we participate in the period of amendments.

Salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Thank you. The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, there being no other Member of the House who wishes to interpellate or speak against the measure, I move that we close the period of sponsorship and debate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move that we open the period of amendments.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

INDIVIDUAL AMENDMENTS

REP. DEFENSOR. We have no Committee amendments, Mme. Speaker, I therefore move that we consider individual amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. GO (M.). Mme. Speaker, can I propose an amendment at this point?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move that we recognize the Hon. Kaka J. Bag-ao for her individual amendment.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Hon. Kaka J. Bag-ao is recognized.

REP. BAG-AO. Mme. Speaker, we would like to propose the following individual amendments: On page 4, Section 4(a), line 17, to delete the comma (,) after the word “services” and the phrase “including military service.”

I so move, Mme. Speaker.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, may we know if this is acceptable to the Sponsor?

REP. ROMAN. Mme. Speaker, I accept.

REP. DEFENSOR. With that, Mme. Speaker, I move that we approve the individual amendment proposed and stated by the Hon. Kaka Bag-ao, subject to style and the submission of the written text to the Secretariat for guidance.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the individual amendment is approved, subject to style.

REP. BAG-AO. Mme. Speaker, we would like to propose an amendment on page 7, Section 4, paragraph (1), line 7: after the word “speech,” to insert a comma (,) and the phrase EXCEPT RELIGIOUS SPEECH.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is the proponent amenable to such amendment?

REP. ROMAN. Yes, Mme. Speaker.

REP. DEFENSOR. With that Mme. Speaker, I move that we approve the amendment as proposed and stated by the Hon. Kaka Bag-ao, subject to style.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the individual amendment is approved, subject to style.

REP. BAG-AO. Mme. Speaker, we would like to

propose another amendment on page 9 between lines 5 and 6, to insert the following paragraph which shall state: IF THE VIOLATION OR OFFENSE IS COMMITTED BY A CORPORATION COMMA (,) PARTNERSHIP COMMA(,) ASSOCIATION OR OTHER JURIDICAL ENTITIES COMMA (,) THE PENALTY PROVIDED FOR IN THIS SECTION SHALL BE IMPOSED UPON THE DIRECTORS, OFFICERS, EMPLOYEES OR OTHER OFFICIALS OR PERSONS THEREIN RESPONSIBLE FOR THE OFFENSE WITHOUT PREJUDICE TO THE CIVIL LIABILITIES ARISING FROM THE CRIMINAL OFFENSE.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is the proponent amenable to such amendment?

REP. ROMAN. Yes, Mme. Speaker.

REP. DEFENSOR. With that, Mme. Speaker, I move that we approve the amendment proposed by the Hon. Kaka Bag-ao, subject to style.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the individual amendment proposed by the Hon. Kaka Bag-ao is approved, subject to style.

REP. BAG-AO. Lastly, Mme. Speaker, we would like to propose an amendment on page 10, Section 9, line 4, to delete the phrase “Gender Rights” and in lieu thereof, to put the following phrase which shall read LGBTQ++.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is the proponent amenable to such amendment?

REP. ROMAN. Yes, Mme. Speaker.

REP. DEFENSOR. With that, Mme. Speaker, I move that we approve the proposed amendment of the Hon. Kaka J. Bag-ao, subject to style.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the amendment is approved.

REP. BAG-AO. Thank you, Mme. Speaker.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move that we recognize the Hon. Mark O. Go for his individual amendments.

REP. GO (M.). Thank you, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Hon. Mark O. Go is recognized.

REP. GO (M.). Thank you very much.

Based on the presentation of Congressman Atienza and it was answered by our Sponsor, that if we look at Section 4, Discriminatory Acts, under paragraph (h), it says here, “Denying a person access to or the use of establishments, facilities, utilities, or services, including housing, open to the general public on the basis of sexual orientation or gender identity or expression.” It was stated earlier, based on the answer, that it is not discriminatory when we allow or do not allow people to go to a men’s comfort room or a women’s comfort room. So, if that is the case, I would like to propose that we delete this paragraph (h) of Section 4 as one of discriminatory acts.

REP. ROMAN. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Yes, please reply.

REP. ROMAN. If the Gentleman is concerned precisely with the use of comfort rooms, that is one issue, but to totally remove this very important provision is unacceptable to the community. Let me remind my colleagues that there have been many cases of people who, like me, just want to enter a bar to have a couple of drinks and just to relax, but we are denied entry because they consider us aberrations or we do not follow a dress code, supposedly a dress code that is based on our sexual orientation and gender identity expression.

Can you imagine, Mme. Speaker, should I decide to go to—I do not know—one of these famous bars, I am not familiar anymore because I almost do not go out, I seldom go out, actually, and if I were to be denied entry, would not my colleagues feel bad for me that I am not allowed entry to these establishments simply because I am who I am? That is discrimination.

REP. GO (M.). Mme. Speaker.

REP. ROMAN. If we remove this provision, then we are going against the very essence of this measure.

REP. GO (M.). Mme. Speaker, where will that answer fall under this provision? Can we have a separate provision where we can stipulate what was answered by our Sponsor of this Bill?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Please state again your amendment.

REP. GO (M.). Well, the proposed amendment here is, we will include that it is not discriminatory to disallow based on gender or gender orientation if what

is identified, let us say, the room is identified as male or female. That was the answer that I got earlier during the interpellation. So, we want to document that it should be stipulated clearly in this particular Bill that it is not discriminatory, because this one is an all-encompassing statement, that it is discriminatory when we deny access to the use of establishment facilities or utilities. Probably, we need to put an exemption to this.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). What is your take, Dep. Majority Leader?

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, the first amendment proposed by the Gentleman, I understand, is the deletion of paragraph (h) of Section 4 which is not acceptable to the Sponsor. May we know from the Gentleman if he is proposing another amendment?

REP. GO (M.). Yes, basically, if that is the provision that our Sponsor is saying, we can put there a certain exemption to this and the exemption is what was earlier stated, that it is not discriminatory when you disallow anybody to go to, let us say, a male or female comfort room.

SUSPENSION OF SESSION

REP. DEFENSOR. With that, Mme. Speaker, I think we need a clearer statement of the proposed amendment on how exactly we shall make the amendment and where to insert it.

With that, I move for a brief suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The session is suspended.

It was 5:05 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 5:06 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The session is resumed.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 4982

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move that we suspend the consideration of House Bill No. 4982.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; motion is approved.

The consideration of House Bill No. 4982 is hereby suspended.

The Dep. Majority Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 5784

Continuation

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move that we resume the consideration of House Bill No. 5784 contained in Committee Report No. 273 of the Committee on Health and the Committee on Appropriations, and that we direct the Secretary General to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General is hereby directed to read only the title of the measure.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 5784, entitled: AN ACT PROVIDING UNIVERSAL HEALTH CARE FOR ALL FILIPINOS, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR, AMENDING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 7875, AS AMENDED, OTHERWISE KNOWN AS THE "NATIONAL HEALTH INSURANCE ACT OF 1995."

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, the parliamentary status of the Bill is that we are in the period of sponsorship and debate. Before we proceed, I move that we recognize the Hon. H. Harry L. Roque, Jr. for the sponsorship.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Hon. Harry Roque is recognized for the sponsorship.

REP. ROQUE (H.). Mme. Speaker, Dep. Majority Leader, before we proceed, may I manifest that Speaker Pantaleon D. Alvarez, Majority Floor Leader Rodolfo C. Fariñas, Committee on Appropriations Chairman Karlo Alexei B. Nograles as well as Congressman Manuel Luis T. Lopez, be made additional coauthors on this Bill.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, first to interpellate is the Hon. Carlos Isagani T. Zarate, Party-List BAYAN MUNA. I move that the Gentleman be recognized.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Hon. "Kaloi" Zarate is recognized.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mme. Speaker. Maaari po bang tumanggap ng ilang mga katanungan ang ating kagalang-galang na Isponsor, Mme. Speaker?

REP. ROQUE (H.). Karangalan ko po, Mme. Speaker., lalung-lalo na kung galing sa aking kaibigan, kay Congressman Zarate ng BAYAN MUNA.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Please proceed.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mme. Speaker. Magandang hapon ho sa ating lahat.

Mme. Speaker, ang Kinatawang ito ay naging co-Sponsor ngunit napilitan tayong mag-withdraw sa ating co-sponsorship pagkatapos mabasa po natin ang pinal na bersyon ng panukalang batas na natagurian na ngayong House Bill No. 5784 sa maraming kadahilanan.

Unang-una, sa tingin namin, Mme. Speaker, G. Isponsor, malayung-malayo ito, in fact, kabaligtaran ito sa panawagan ng health sector na free health services for the people in a unified public health care system nationwide that is state-funded from the taxes of our people. Sa atin pong pagbusisi sa panukalang batas, nakita ho natin na labag ito sa karapatan ng kalusugan dahil sa mga sumusunod: una, may mga kondisyones para ma-access pati na ang pinakabatayang serbisyong pangkalusugan sa antas barangay; pangalawa, pinapalala ang komersiyalisasyon ng serbisyong pangkalusugan dahil, essentially, may bayad na ang lahat; pangatlo, tinatalikuran ng estado, ng gobyerno, ang papel sa pagtitiyak ng right to health at ipinapasa ito doon sa mga maykakayanan o sa pamamagitan lamang ng pag-subsidize sa mga walang kakayanang magbayad; pang-apat, maaaring magresulta ito sa lalong inaccessibility ng health services at exclusion ng maraming hindi makapapasok sa sponsored or non-contributory na kabahaging ito; at panglima, hindi nireresolba ang ugat ng napakalalang sitwasyon ng pangkalusugan. Sa mga kadahilananang ito, Mme. Speaker, sisimulan ko na ang interpellation ko at kung bakit tayo ay tumututol sa panukalang batas na ito.

Ang unang katanungan, G. Isponsor, Mme. Speaker, masasabi ba ng Isponsor na ang House Bill No. 5784 ay nagtataguyod talaga ng katotohanan ng karapatan sa kalusugan ng mamamayan gaya ng isinasaad sa ating Konstitusyon, lalung-lalo na sa Article II, Declaration of Principles, specifically Section 15 which states “The State shall protect and promote the right to health of the people and instill health consciousness among them”? Also, Article XIII, Social Justice and Human Rights, Section 11:

The State shall adopt an integrated and comprehensive approach to health development which shall endeavor to make essential goods, health and other social services available to all the people at affordable cost. There shall be priority for the needs of the under-privileged sick, elderly, disabled, women, and children. The State shall endeavor to provide free medical care to paupers.

Again, ang katanungan ko po, Mme. Speaker, G. Isponsor, masasabi ba ninyo na ang House Bill No. 5784 ay nagtataguyod sa karapatan sa kalusugan ng mamamayan gaya ng isinasaad ng ating Saligang Batas?

REP. ROQUE (H.). Mme. Speaker, ang kasagutan ko po ay opo. Bagamat ang kasagutan ko ay opo, nais ko munang kilalanin na siguro po hindi ito iyong ideal na panukalang batas na talagang magbibigay buhay doon sa karapatan na magkaroon ng mabuting kalusugan, dahil sa isang bansa po na napakadaming salapi sa kanyang kaban ay dapat po talagang libre lahat at dapat po talaga na lahat ng pagamutan ay pag-aari ng gobyerno. Ang problema nga lang po, kung ganyan ang ating nais na mangyari sa ating bayan, ang kinakailangang badyet para diyan po ay isang trilyon. Ang ating badyet po ngayon ay P3.8 trilyon lamang, iyon ang proposed budget po for 2018.

Ang ginawa po ng mga author naman nitong Bill, at sana po pagkatapos ng aking pagsasagot sa mga katanungan ni Congressman Zarate, ay siya ay papayag na muling maging co-author, ay tayo naman po ay tumingin sa mga ekspirensiya ng ating mga karatig-bansa gaya ng Thailand.

Ano po ang naging ekspirensiya ng Thailand? Ang ginawa po nila ay ginawa nilang centralized iyong pagbili ng mga pangangailangan at sinigurado nila na mayroong isang entity na bibili ng mga pangangailangang kalusugan ng taong-bayan. Ang pambayad ng mga pangangailangan ng mga taong-bayan ay nanggagaling din sa pondo na, unang-una, galing sa mga miyembro ng isang insurance system. Sa atin po ngayon, iyan ay PhilHealth at dito sa panukalang batas po na ito, hindi po limitado sa PhilHealth lamang iyong mga nagbo-voluntary contributions ngayon sa PhilHealth. Kasama na po diyan iyong babayaranang coverage para po sa kapalit na entity ng PhilHealth, ang tawag po ay Philippine Health Security Corporation, at ang mangyayari po, lahat po ng Pilipino, dahil sila ay Pilipino, ay magiging miyembro ng Philippine Health Security Corporation. Ngayon po kasi sa PhilHealth, hindi po lahat ng Pilipino ay member. Iyon po siguro ang kinakailangan nating i-emphasize. Bagamat member po iyong mga tinatawag nating miyembro ng National Household Targeting System, iyong mga beneficiaries ng 4Ps, hindi po ibig sabihin na lahat ng mga dukha ay miyembro ng PhilHealth.

Dito po sa panukalang batas, lahat na po ng Pilipino ay magiging miyembro bagamat ang babayaran lamang ng gobyerno na premium ay para doon sa mga hindi makakabayad ng premium. Ngayon, ano ho ang mangyayari sa mga benepisyo ng PhilHealth? Ngayon po, for instance, doon sa primary health care na tinatawag, ang libre lang po na primary health care ay iyong mga beneficiaries nga ng 4Ps. Dito po, lahat

ng Pilipino, dahil sila ay Pilipino, ay pupuwedeng makakuha ng primary health care benefits. Pangalawa, pagdating po sa pagpapa-ospital, basta po ang pasyente ay pumayag sa isang ward, wala po talagang babayaran ang pasyente. Mayroon lang pong babayaran kung magnanais na mag-semi-private ward o kaya private room or presidential suite iyong pasyente. Ang mangyayari po, magkakaroon pa nga ng taripa at magkakaroon tayo ng uniformity of classification para po depende kung ano iyong room na gusto ng isang pasyente ay iisa lang po ang halaga na babayaran ng Philippine Health Security Corporation at iisa po ang tinatawag na co-payment noong pasyente na ayaw mag-stay sa ward.

So, makikita ninyo po, Mme. Speaker, aking kaibigan, Congressman Zarate, na bagamat hindi po magiging pag-aari ng gobyerno ang lahat ng ospital sa bayang ito, wala na pong Pilipino na hindi pupuwedeng magpa-ospital o magpa-confine dahil lahat ngayon, kung papayag sila sa ward, libre na ang pagpapa-ospital at ngayon po, lahat ay pupuwedeng makakuha ng primary health care benefit. Iyan po ang pagnanais ng Bill na ito, at nais ko rin pong i-emphasize na magkakaroon tayo ng Health Technology Assessment Council, na isang kinatawan composed ng mga experts sa kalusugan, at sila ang magde-determine kung ano pa iyong mga libreng serbisyo na pupuwedeng ibigay sa ating mga kababayan.

So, iyon po, ang basics po ng ating pangangailangan sa kalusugan ay talaga pong maibibigay dahil po dito sa panukalang batas na ito.

REP. ZARATE. Maraming salamat po, G. Isponsor, Mme. Speaker.

Inamin na rin ng kagalang-galang na Isponsor na ang batas na ito ay hindi raw ideal at ito ay hindi buong kasagutan doon sa itinatakda ng ating Saligang Batas. Sa katunayan, inamin na rin niya na sa panukalang batas na ito, itatali pa rin natin ang pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa ating mamamayan sa pamamagitan ng financing or health insurance. So, iyong access to health ay nakatali doon sa sinasabi niyang hindi na lamang sa PhilHealth, kung hindi doon rin sa itatayo ng batas na ito na Philippine Health Security Corporation. In fact, ayon sa panukalang batas na ito, doon pa lang sa kanyang Declaration of Principles and Policies nga nakalagay na iyon at nakalagay din sa Section 2 (b) na kailangang "Compulsory Coverage. - To require all citizens of the Philippines to enroll in the National Health Security Program." Sinabi rin doon sa Section 5, Universal Health Coverage, ganoon din ang mensahe niya.

Samakatuwid, inaamin po ninyo na kailangang mag-enrol ang lahat ng Pilipino para magka-access siya doon sa serbisyong pangkalusugan na dapat ay libreng ibinibigay sa kanya ng gobyerno. Ganoon po ba ang ibig ninyong sabihin, Mme. Speaker, G. Isponsor?

REP. ROQUE (H.). Mme. Speaker, unang-una po, doon sa probisyon ng ating Saligang Batas, hindi naman po sinabi sa Saligang Batas na kinakailangan ang pagtataguyod ng kalusugan ay talagang absolutely libre para sa lahat. So, ang obligasyon po ng estado, para sa pagtataguyod ng karapatang kalusugan, ay gumawa ng mga tamang hakbang upang lahat ng mamamayan ay magkaroon ng mabuting kalusugan. Pangalawa, tama po, kinakailangang maging miyembro ka ng Philippine Health Security Corporation. Ang pagkakaiba po, kaya nga po bubuwagin ang PhilHealth at gagawa tayo nang bago na Philippine Health Security Corporation kasi, sa ngayon po, iyong pondo na kinakailangan para ang lahat ng Pilipino ay maging miyembro ng Philippine Health Security Corporation ay ibibigay ng gobyerno, kaya nga po, malaki rin po ang badyet na kakailanganin natin. Ang pamamaraan naman para maibigay natin ang serbisyong libre, lalong-lalo na doon sa mga non-contributory members na tinatawag, sila po iyong mga hindi nagbabayad ng premiums, ay dahil nga po itong Philippine Health Security Corporation, hindi gaya ng PhilHealth ngayon, magkakaroon po siya ng monopoliya sa pagbigay ng mga serbisyong kalusugan.

Siya ang magtatakda ng mga taripa pero hindi naman po ito compulsory sa mga pribadong ospital, pero kung gusto ng pribadong ospital na makatanggap ng pondo galing sa gobyerno, galing sa Philippine Health Security Corporation, siyempre papayag ito doon sa taripa ng gobyerno. Ito naman po ay ang naging karanasan din ng Thailand kung saan ngayon talaga ang mga mahihirap ay wala nang ibinabayad.

Ganyan din po ang magiging suma-total dito sa ating panukalang batas na iyong mga dukha, iyong mga hindi sakop ng 4Ps, iyong mga hindi makababayad ng premiums sa PhilHealth, ay hindi lang magkakaroon ng coverage kung saan gobyerno ang magbabayad, kung hindi sisiguraduhin po natin, kagaya sa siyudad ng Makati at nakatingin ako sa mga Congressman ng Makati, na kapag sila ay nasa ward, wala silang babayaran at kasama na rin doon iyong mga gamot. Hindi nga lang ekspirensiya ng Thailand ang tiningnan natin noong binabalangkas natin ang panukalang batas na ito, pati po ang ekspirensiya din sa Makati. Kaya naman medyo mataas talaga ang badyet na kakailanganin natin dito. Ang badyet para dito, bagamat ito ay gagamitin para sa premiums para ma-insure ang lahat, garantisado naman po talaga na ang confinement sa ward, under the primary health care, maibibigay ng walang bayad.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mme. Speaker, G. Isponsor.

Iyon nga ho ang ating o diyan ho nagmumula ang ating agam-agam at pangamba, dahil naman sa ngayon, usapin pa lang na ang nandiyan ay PhilHealth, alam ninyo naman ho ang problema sa PhilHealth. Taun-

taon bilyon-bilyon ang pinopondo natin sa PhilHealth. Ilang scam, ilang mga anomalya na ba ang nangyayari sa PhilHealth, na iyong pondo para sana sa pakinabang ng maraming mahihirap na mamamayang Pilipino ay napunta lamang sa balsa ng iilan. Ngayon, gagawa tayo muli ng isa pang insurance corporation para tugunan ang hindi daw natutugunan ng PhilHealth. Kahit sa usaping mandatory requirement na mag-enrol sa PhilHealth, Mme. Speaker, G. Isponsor, alam po ninyo na ito rin ay isang malaking reklamo ng ating overseas Filipino workers na nire-require sila maging mandatory member ng PhilHealth dahil sa abroad naman ay mayroon na silang health care coverage.

Iyon po ang ilan sa mga punto natin dahil tauntaon, bilyun-bilyong pondo, at ngayon ang sinasabi ninyo na kailangan din natin ng malaking pondo, na hindi lang ibibigay ngayon sa PhilHealth, kung hindi ay kailangang ilagay rin natin, ilagak rin natin dito, ayon sa panukalang batas, sa itatayong Philippine Health Security Corporation.

Mabalik ako doon sa aking tanong. Samakatuwid, malinaw dito na para magkaroon ka ng access sa serbisyong pangkalusugan, kailangan maging miyembro nitong national health insurance program, dahil sinasabi ninyo na compulsory ang maging miyembro dito. Kung hindi ka ba maging miyembro dito, maaari ka pa rin makapag-access ng serbisyo sa gobyerno or sa pamahalaan, Mme. Speaker, G. Isponsor?

REP. ROQUE(H.). Mme. Speaker, ang pagkakaiba nitong Philippine Health Security Corporation sa PhilHealth, sa PhilHealth, para maging miyembro, dapat magbayad ka ng coverage. Siyempre ang kakaunting kababayan natin na hindi kayang magbayad ng coverage, ngayon po, ito ay binabayaran ng Kongreso. May badyet ang Kongreso para bayaran ang coverage doon sa mga miyembro ng National Household Targeting System o ang 4Ps.

Dito po sa ating panukalang batas, ang membership sa Philippine Health Security Corporation ay hindi dahil ikaw ay nagbabayad pero ang membership dito ay dahil ikaw ay isang Pilipino at hindi dahil sa iyong kakayahan na magbayad ng premiums.

REP. ZARATE. Kaya nga po babalik ako, Mme. Speaker, G. Isponsor, sa aking katanungan kanina. Kung ikaw ba ay hindi miyembro ng national health insurance program, hindi ka naipasok dito, hindi ka na-enrol, can you still have access to the services?

REP. ROQUE (H.). Ang kasagutan ko po, dayuhan lang ang hindi magiging miyembro ng Philippine Health Security Corporation dahil lahat ng Pilipino ay magiging miyembro nito. Siyempre po kung dayuhan ka, bakit naman namin babayaran ang pangangailangan mo sa kalusugan?

I can assure the Gentleman that the context, the intention ng mga bumalangkas ng panukalang batas na ito, ay ang lahat ng Pilipino ay miyembro po ng Philippine Health Security Corporation. Hindi konsiderasyon ang hindi pagbabayad ng premium dahil kung hindi magbabayad ng premium dahil hindi kaya, ang gobyerno ang magbabayad ng premium.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mme. Speaker, G. Isponsor. Nakalagay rin dito sa probisyon ng panukalang batas na kapag ang isang miyembro ay may kakayanan, initially, na magbayad ng kontribusyon pero afterwards ay hindi na siya nakapagbayad, sabi po rito sa Chapter III, Section 20:

SEC. 20. Immediate Entitlement. – After a premium contribution is made, no minimum period or lag time shall be required to activate entitlement to Program benefits. In the case of contributory members, failure to pay premiums shall not prevent the enjoyment of Program benefits, but employers and self-employed members shall be required to pay all missed contributions with at least three percent (3%) penalty, compounded monthly.

Ang katanungan ko po, Mme. Speaker, G. Isponsor, lalong-lalo na doon sa usapin ng mga self-employed, halimbawa, a sari-sari store owner is a self-employed member, bakit ho pagdating dito, maraming rason kaya hindi na niya nabayaran, bakit ho kailangan na i-penalize natin? Posibleng hindi na niya nabayaran ang kanyang contribution pero dito sa ating panukalang batas, ang miyembro na mag-a-access sa serbisyo na hindi na nga makabayad ay paparusan pa natin dahil pagbabayaran natin siya ng three percent penalty, compounded monthly.

REP. ROQUE (H.). Mme. Speaker, walang parusa diyen. Kasi maski hindi ka nagbayad o tumigil ka na magbayad, mayroon ka pa ring karapatan sa mga serbisyo na maibibigay ng panukalang batas na ito. Ang binasa ninyong probisyon ay nagsasabi lamang na hahabulin ka para sa premium mo dahil ikaw naman ay hindi dukkha, dahil ikaw ay may negosyo. Hindi naman ibig sabihin nito na palibhasa delinkuwerte ka sa pagbayad ay hindi ka makakakuha ng libreng pa-ospital o libreng primary care, dahil ang intention at ang teksto po ng panukalang batas na ito ay nagsasabi na gaya ng binasa ninyo, na hindi po hadlang ang pagbayad ng kontribusyon ng mga contributing members ng Philippine Health Security Corporation para makakuha ng benepisyo. Binibigyan lamang natin ng karapatan ang korporasyon na maghabol para doon sa unpaid premiums dahil mayroon naman silang kakayahan.

Hindi po gaya naman noong mga dukha na talagang hindi kayang magkaroon ng negosyo.

So, malinaw po iyan. Maski sila ay delinquent ay may access sa serbisyo pa rin pero kinakailangan later on magbayad sila ng premiums. Premiums lang naman po ang babayaran. Hindi natin sinisingil ang halaga ng benepisyo na nakukuha nila.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mme. Speaker, G. Sponsor. Lilinawin lang po natin dahil sinasabi rito “to ensure access with the least financial risk.” Sinasabi kasi ng ating G. Sponsor, Mme. Speaker, na walang problema. Ang access sa serbisyo pa rin, kahit mahirap, kahit na ikaw ay nagko-contribute, ito ay bukas na bukas sa pag-access. Ang aking katanungan: Anong klaseng serbisyo in the minimum and maximum na kayang i-access ng ating mamamayan?

REP. ROQUE (H.). Gaya ng paulit-ulit ko pong sinasabi, lahat ng primary health needs ay maibibigay sa lahat ng magpapa-ospital sa ward section at wala nang babayaran kahit ano ang Pilipino na miyembro ng programang ito. Kaya nga po ang tawag dito ay universal health care. Bagamat hindi lahat ng mga ospital ay pang-gobyerno, sinisigurado naman ng gobyerno na walang mamamatay dahil lamang sa kahirapan. Kahit gaano ka kahirap, kung kinakailangan mong magpa-ospital, mayroon kang kama na pupuwedeng mahigaan at walang hihingin na bayad sa iyo para dito.

REP. ZARATE. Maraming salamat po, Mme. Speaker, G. Sponsor.

Dito naman sa Section 9, Access to Primary Care Entitlements, ang tingin ko dito, pati sa pinakabatayang serbisyong pangkalusugan sa antas ng barangay ay parang mayroong kondisyones din dahil nakasaad dito, at puwedeng ilinaw ng G. Sponsor, na sa loob ng tatlong taon pa lamang, pagkatapos maisabatas ang panukalang batas na ito, ay magkakaroon ng primary care provider ang bawat Pilipino, Mme. Speaker, G. Sponsor.

REP. ROQUE (H.). Totoo po iyon, Mme. Speaker, mayroon tayong mga panahon kung kailan natin maibibigay ang primary care entitlement sa tatlong taon, gaya ng sinabi ninyo. Lahat na ng Pilipino, libre ang primary health care. Sa loob ng dalawang taon ay magkakaroon po ng comprehensive outpatient benefits, including outpatient drug benefits. Sa isang taon matapos maisabatas ang panukalang ito, magkakaroon tayo ng guidelines on primary care providers. Bakit po? Budget. Iyan po ang ating kasagutan diyan. Ang primary health care po, ang budget na kinakailangan natin para dito ay medyo malaki po. Iyong primary health care for every Filipino, kailangan-kailangan po natin ng P85 billion, at iyong mga ibang serbisyong ibibigay ay mayroon ding halaga kasi hindi naman po

libre iyan. May pinanggagalingan iyan, may gastos iyan.

Ang sinasabi lang namin is unti-untiin natin. Tulad sa nangyari po sa libreng tuition sa universities and colleges, napirmahan into law maski hindi pa sapat ang pondo natin dahil graduated naman ang benefits na ibibigay ganyan din po ang intensiyon namin. Huwag naman isahan lang dahil kung isahan lamang, pagkatapos ng isang taon at lahat libre na, napakalaki naman po ng budget na kakailanganin. So, ang idea naman po dito, ang pondo iyan naman po ay i-administer din at palalakihin din. Ang nangyari nga lang, mas malaki ngayon ang pondong palalakihin para makabili ng mga serbisyo na ang makikinabang ay ang ating mga kababayan.

REP. ZARATE. Maraming salamat, G. Sponsor, Mme. Speaker.

REP. ROQUE (H.). Bago nga po ako magtapos doon, ang idea naman talaga, ang intention pagkatapos ng tatlong taon, libre sa lahat ang primary health care. Hindi nga po tayo papayag na parang ang nangyari ngayon na napakaliit naman ang binibigay na benepisyo ng PhilHealth. Twelve pesos lang po ngayon for every P100 ang binibigay ng PhilHealth kaya buwagin na natin iyan. Gumawa tayo ng sistema na basta ikaw ay dukha, 100 porsiyento na kinakailangan mo, sagot ng sistema.

REP. ZARATE. Paglilinaw lang po, Mme. Speaker, kasi nabanggit ng G. Sponsor na “buwagin na natin iyan.” Dito ba sa panukalang batas na ito ay binubuwag natin ang PhilHealth, Mme. Speaker?

REP. ROQUE (H.). Opo, Mme. Speaker, magkakaroon ng pag-amyenda sa batas. Binago natin ang composition, binago natin ang ilang mga kapangyarihan at dahil nga sa mga anomalya, nagkaroon tayo ng mga mekanismo para maiwasan ang anomalya. Mayroon tayong audit system ngayon at binigyan natin ng mas maraming representante na nakaupo sa PhilHealth na nanggagaling sa mga stakeholders mismo, kasama na ang mga hindi nagbabayad ng premiums at magkakaroon din sila ng representante.

Kanina nga lang po, Mme. Speaker, nagkaroon kami ng public hearing tungkol sa mga anomalya ng PhilHealth kaya alam natin na talagang may problema sa PhilHealth, pero hindi naman po dahilan iyan para maging hadlang na magkaroon tayo ng universal health care. Puwede po tayong bumuo ng completely separate entity pero sa akin, wala nang pagkakaiba dahil magkakaroon na nga ng pag-amyenda dito sa PhilHealth Charter at magkakaroon na ng separate juridical entity. So, in effect, dahil nga siguro sa mga hindi mabuting karanasan natin sa PhilHealth, talaga naman pong

bubuwagin iyan at magkakaroon ng bagong entity. Makikita ninyo nga na pati iyong mga benepisyong ibibigay ng bagong korporasyon ay maiiba na. Hindi po patse-patse ang mga benepisyong ibibigay.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mme. Speaker, G. Isponsor.

Madako naman po tayo, balikan ko iyong sinabi ninyo kanina na lahat ng Pilipino ay magkaka-access na sa usaping pangkalusugan, dahil ang iyong walang kakayanan na magbayad ng kontribusyon, sila ay sasagutin ng estado. Ito iyong non-contributory membership.

Gusto ko pong talakayin ito dahil kung maalala ko po, noong October 2016, sinabi ng NEDA na ang poverty incidence daw ng ating bansa sa buong taon ng 2015 ay bumagsak significantly to 21.6 percent sa populasyon ng Pilipinas. Sabi ng Philippine Statistics Authority, in 2016, ang poverty threshold daw po for a family of five is P9,064 monthly. Ang mahirap po is equivalent to 21.9 million Filipinos or 3.8 million poor Filipino families. Iyon ang pagtataya nila, parang nasolusyunan, naibsan, nakunan ang mahihirap at lumago ang kanilang kabuhayan. Mayroon din isang pag-aaral—ang ginamit kasi na threshold dito ng NEDA at ng PSA ay napakababa, dahil kapag ang laman ng iyong bulsa bawat araw ay P56 and below, doon ka lang mako-consider na mahirap. Ibig sabihin, kapag ang laman ng bulsa mo ay P57 kada araw on the average ay hindi ka mako-consider na mahirap, kaya parang kumonti talaga ang mahihirap dahil sa pagtatayang iyan.

Now, ang katanungan ko po hinggil dito, under this proposed House Bill No. 5784, ang masasabing indigents, batay sa depenisyong ng panukalang batas na ito, mga ilan po ito sa inyong tantiya?

REP. ROQUE (H.). Ang ating depenisyong po ang magde-determine kung sino talaga iyong indigents. Unang-una, sasagutin ko muna na iyong non-contributory definition ay isang default definition, lahat ng hindi nagko-contribute. I would like to emphasize, Mme. Speaker, that although indigency is a basis, of course, to get subsidy in terms of premium payments, definitionally, non-contributory refers simply to those who are not paying their premiums, and the reason could be indigency, but the proposed law does not inquire into the reason but merely says that everyone will be a member. If they will not pay for the premiums, the state, the government will pay for it, except that where it can be shown that the Filipino has the ability to pay premiums, then it is without prejudice to the future corporation to be formed to have a recourse to collect unpaid premiums.

Ganong po ang naging depenisyong namin. Iniwan na namin iyong usapin na indigency. In fact, kaya nga

ngayon po, doon sa 4Ps na tinatawag, hindi lahat ng Pilipino ay sakop ng PhilHealth dahil, according to the definition of the DSWD, hindi lahat ay mahirap. So, ito po binago na namin. Kaninong premiums ang babayaran ng gobyerno? Lahat ng hindi contributing, regardless of the reason.

REP. ZARATE. Maraming salamat po.

Kaya nga po nililinao natin at itinatang iyan dahil nga kung pagbabasehan natin ang depenisyong kung sino ang mahirap, sino ang indigent ay ang depenisyong ng NEDA at ng Philippine Statistics Authority, ang ating pangamba rito ay marami na namang ma-e-exclude dahil sa tipo ng miyembro na nakalagay sa Section 14. Malinao naman na sinabi ng G. Isponsor, Mme. Speaker, contributory members and non-contributory members. Dito ho sa non-contributory members, tama naman iyong sinabi ninyo na ito ay indigents as identified by the DSWD, senior citizens and all others not included in the contributory group or those covered by special laws.

Kaya nga natanang natin iyan dahil halos dalawa sa bawat tatlong employed na mga kababayan natin ay may non-regular employment. Mga agency-hired ito, mga informal, at ang daming mga miyembro rin na mga tinatawag nating unpaid family workers. Mayroon silang maliit na pagkakakitaan, nagtatrabaho sa kanilang bahay pero hindi naman po sila binabayaran ng suweldo. Paano ang mga informal sector na ito na hindi regular, walang regular na source of income at hindi siya ma-consider na non-contributory, papasok din ba siya sa non-contributory?

REP. ROQUE (H.). Wala pong ganong, Mme. Speaker, kasi definitionally, ang non-contributory, hindi nagbabayad ng premiums kahit sino man sila.

Now, iyong issue ng indigency, papasok lang po iyan kung pupuwede kang habulin ng korporasyon para doon sa unpaid premiums, pero ang serbisyo, nariryan na po dahil kung ikaw ay hindi nakabayad, ang gobyerno muna sa panandalian ang magbabayad para sa iyo. Ganong po iyong scheme. Bakit po ganong ang scheme? Importante po na malaki iyong pondo na i-a-administer ng fund. Bakit po noong korporasyon, kapag malaki ang pondo, malaki rin kasi ang pupuwedeng kitain noong fund dahil magkakaroon sila ng board of trustees na pupuwedeng mag-invest niyan sa iba't ibang mga bagay para mapalaki. So kinakailangan natin ng economies of scale para lumaki iyong pondo at kinakailangan din natin ang economies of scale dahil magkakaroon siya ng monopoliya sa pagbili ng mga serbisyo.

So, kinakailangan talaga malaki ang pondo, kaya nga po hindi na iniisip ng panukalang batas na ito na kinakailangang manggaling sa sariling bulsa ng mamamayan iyong pambayad ng premiums. Dapat nga po lahat na ay talaga libreng ibigay pero dahil

wala tayong kakayanan na ganyan, ang ginawa na lang po, lahat ng premiums sagot ng gobyerno. Uulitin ko po, iyong issue ng indigency, iyan po ay papasok lang kung pupuwedeng kolektahin sa ating mamamayan ang premiums o hindi.

REP. ZARATE. Salamat po, G. Isponsor, Mme. Speaker.

Natanong ho natin iyan dahil, halimbawa, sa usapin ngayon ng social pension na tinatanggap ng ating mga senior citizens, mayroon hong mga problema doon dahil sa depinisyon ng sino ba ang puwedeng tumanggap nito—kailangan sick, disabled at mayroon pang mga kondisyones. Tinatanong po natin iyan dahil, halimbawa, sinasabi ninyo nga na iyong usapin kung indigent ba siya o hindi, bahala na ang DSWD diyan. Kailan ba natin masasabi na ang isang indibidwal ay puwedeng mapasama doon sa non-contributory member dahil isa siyang indigent? Kaya nai-cite ko iyong mga informal sector, na ngayong araw may income siya pero the rest of the week ay wala na siyang income. Ano ho ang mangyayari sa kanila? Will they still be included or will they be excluded because hindi rin sila considered non-contributory members?

REP. ROQUE (H.). Uulitin ko po. Sa sistema natin, sa panukalang batas na ito, lahat ng hindi contributory, non-contributory, kaya ibig sabihin, babayaran ng gobyerno ang kanilang premiums. Ito po kasi ay kinuha natin mula sa karanasan ng Thailand. Kasi nga kung ibabase natin iyong pagbayad ng premiums doon sa issue ng indigency ay talagang hindi lalaki iyong pondo mo. Kung hindi malaki ang pondo, kaunti din ang kikitain mo at kaunti din iyong purchasing power mo kaya kinakailangan talagang malaki ito. Uulitin ko po—iyong indigency will not determine iyong membership sa corporation, will not determine kung babayaran ang subsidy o hindi. Basta hindi ka nageco-contribute, isa-subsidize ka ng gobyerno. Indigency becomes relevant lang kung hahabulin ka para sa unpaid premiums o hindi. Now, iyong definition ng indigency po ay nasa batas naman. Iyan po ay letter (w) ng Definition of Terms. Ito po ay letter (w), Section—ano bang section ito? Sandali po.

REP. ZARATE. Section 4...

REP. ROQUE (H.). Section 4.

REP. ZARATE. ...subparagraph(w).

REP. ROQUE (H.). Ito po iyong mga tao na below the poverty threshold, according to the NEDA pero iyon nga po, kapag hindi ka nag-qualify as indigent, hindi naman ibig sabihin na hindi ka nagbayad ng coverage, na wala kang benepisyo. Bayad pa rin ang

iyong coverage, mayroon ka pa ring benepisyo, pero kung ikaw ay above the poverty threshold kaya baka habulin iyong unpaid premiums mo, hindi ka isang indigent, Mme. Speaker.

REP. ZARATE. Salamat, G. Isponsor.

Kaya binabalik-balikan ko iyan, nililinaaw natin iyan dahil kayo na rin ang nagsabi na kapag indigent ka, okay, non-contributory member ka. If you are not considered an indigent, doon ho ang punta mo sa contributory. Di po ba tama po iyon, G. Isponsor?

REP. ROQUE (H.). Tama po, Mme. Speaker.

REP. ZARATE. Tama po. So, for you to have access, Mme. Speaker, doon sa serbisyong pangkalusugan, at dahil hindi ka naman indigent based sa definition ng gobyerno at ng NEDA, doon ka sa contributory at kailangang mag-contribute ka. Ang ating pinangangambahan ho rito, ang experience ho dito sa social pension, ang daming na-exclude dahil they are not considered indigents pero talagang naghihikahos ho sila, hirap ho sila, hindi sila nabubuhay sa P500 pensyon bawat buwan but they cannot do anything dahil hindi sila napasok doon sa definition of indigent.

Ito rin ho ang mangyayari sa panukalang batas na ito dahil, if you are not considered an indigent, then, your category will be as a “contributory member.” If you are not a contributory member, then, ang isa hong pakahulugan dito, you cannot have access dahil hindi ho kayo nagbibigay ng kontribusyon, Mme. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. ROQUE (H.). Mme. Speaker, hindi po ganoon. Gaya ng sinabi ko po kanina, ginaya po natin ang karanasan ng Thailand at sa Thailand, wala na pong usaping indigent ka or hindi para ikaw ay maka-avail ng benepisyo ng universal health care. Ang tanong lang, nagko-contribute ka ba o hindi? Kung hindi, babayaran ng gobyerno iyan. Iyong indigency is only an issue relevant to kung pupuwede ba habulin ikaw sa unpaid premiums, pero ang serbisyo, entitled ka pa rin kasi ang intensiyon ng batas, at ito naman po ay nakasulat sa teksto ng batas, lahat ng Pilipino ay kinakailangan magkaroon ng benepisyo ng universal health care.

Uulitin ko po uli, dahil ito ay isang concern at naiintindihan ko naman ang concern ninyo: hindi po magde-determine ng availment ng benepisyo iyong issue ng indigency. Kung hindi siya contributory, babayaran na po iyan ng gobyerno. Ito po talaga iyong unique sa experience ng Thailand. Naging successful siya kasi kinalimutan na nila iyong usapin ng indigency pagdating doon sa pag-a-avail ng serbisyo, at relevant lang siya kung magkakaroon ng money judgment against a person dahil mayroon naman siyang capacity

to pay. Kung hindi naman po natin gagawin iyon, kung hindi natin hahabulin iyong may mga capacity to pay ng kanilang mga unpaid premiums, hindi naman po magiging financially sustainable iyong ating sistema, at ito nga po ang nangyayari ngayon. Ngayon po, iyong formal sector, iyong mga may kakayahang magbayad ay hindi po nagbabayad ng tamang premiums, nag-a-underpay or nagbabayad lang sila ng premiums kapag gagamitin nila ang PhilHealth kaya nga po nagiging unsustainable iyong fund.

Kaya po tayo ngayon ay kinalimutan na po natin iyong indigency requirement. Basta kung hindi nagbayad, babayaran ng gobyerno, at hahabulin ka na lang kung mayroon kang kakayahan sa premiums. Malinaw po iyon. Walang kinalaman ang indigency sa availment of services and benefits, and the only issue there is, kung may kakayahan kang magbayad ng premiums, doon ka lang hahabulin. Every Filipino, and I stress this, under this proposed Universal Health Coverage Law, will be entitled to all the benefits under this Act by virtue of their citizenship, not by virtue of any other factor.

REP. ZARATE. Salamat po, G. Isponsor. Ang isang pang agam-agam ho talaga natin diyan, lalo na ho iyong kahit ibinalik-balik ninyo na indigency is not a requirement, ay kung ganoon naman po pala, gaya ng aking halimbawa kanina, isang ordinaryong sari-sari store owner, but under NEDA, sasabihin ng NEDA, “You are not indigent,” ang ibig sabihin ay kailangang magbigay siya ng kontribusyon at kapag hindi siya nakapagbigay ng kontribusyon, okay, may access pa rin siya pero hahabulin ng gobyerno para sa premium at magkakaroon siya ng three-percent penalty, compounded monthly. Ibig sabihin ho, darating ang panahon na ang miyembro ng informal sector na ito ay malilibing sa utang sa gobyerno dahil hindi na niya mabayaran ang kanyang kontribusyon dahil wala nga siyang perang pambayad. Hindi rin niya mabayaran iyong penalty niya that compounds every month kapag hindi niya nabayaran iyong three percent na iyon.

Sa ibang usapin naman po, Mme. Speaker, G. Isponsor, sa panukalang batas na ito, nabanggit ninyo na rin kanina, dito ay magtatayo ng isang Philippine Health Security Corporation, na sa amin pong basa ay isang napakamakapangyarihang korporasyon. Mayroon nga ho itong kapangyarihan na i-deny ang claims at babaan o taasan din ang benepisyo at kontribusyon ng mga miyembro. Ano ho ang inyong assurance na ang bagong burokrasyang ito, bagong korporasyong ito ay hindi ho magiging katulad halimbawa ng Social Security System, na sa mahabang panahon sinabi ng ating mga pensioners, “Bigyan ninyo kami ng dagdag pensyon,” at ang palaging sinasabi ng SSS, “Hindi puwedeng magdagdag pensyon dahil kulang ang pondo at kung kami ay magbibigay ng dagdag pensyon mababankrote ang pensyon ng SSS.”

Ano ho ang ating assurance, Mme. Speaker, G. Isponsor, na hindi ito mangyayari sa Philippine Health Security Corporation na pinopondohan ng pera ng mamamayan? Kahit sabihin ninyo ho ngayon na wala namang kontribusyon ang mamamayan, hindi ho totoo iyan. Lahat ho ng mga Pilipino ay mag-aambag-ambagan dito dahil lahat naman po tayo ay nagbabayad ng buwis. Kahit na sabihin ninyong indigent, sa bawat pagsakay ng public transportation, sa bawat pagbili ng mga bilihan, ang indigent na iyan ay may binabayaran buwis kaya lahat tayo ay nag-aambag-ambagan para dito. Kaya ang ating pangamba at ating agam-agam, ang itatayong korporasyon na ito na napakamakapangyarihan ay baka matulad na rin ng ibang korporasyon kagaya ng SSS, Mme. Speaker, G. Isponsor.

REP. ROQUE (H.). Mme. Speaker, dalawang bagay po: unang-una, ang korporasyon na ito ay hindi kagaya ng SSS dahil ang mga benepisyo nito ay hindi dependent doon sa voluntary contributions ng mga members, kasi ang scheme na ginawa natin, lahat ng Pilipino ay member. Kung hindi mo kayang magbayad ng premium, tayo ang nagbabayad ng premium, kaya malaking pagkakaiba po iyon, Kung ang benepisyo mo ay depende lamang sa nakokolektang voluntary contributions, natural, kaunti lang po ang benepisyong maibibigay sa iyo. Ang pangalawang punto po diyan ay hindi naman mawawalan ng kapangyarihan ang DOH at ang mga local government units maski nandiyan na iyong korporasyon na iyan. Iyong polisiya po pagdating sa kalusugan, ang DOH pa rin po ang magtatalaga niyan; ang korporasyon ay taga-bili lamang ng mga serbisyo with economies of scale na tinatawag. Kaya nga, take it or leave it ito para doon sa mga pribadong pagamutan. Kung ayaw mong makatanggap ng pera mula sa gobyerno, di huwag. Pero kung gusto mong tumanggap, tanggapin mo iyong presyo na nais gamitin ng gobyerno sa pagbili ng mga serbisyo sa mga pangpribadong mga ospital. Tapos, pangatlo po, iyong entitlement ng ating mga kababayan, hindi rin po manggagaling iyan sa korporasyon. Talagang ang trabaho ng korporasyon lamang ay taga-kalap ng contributions, either galing sa mga members o galing sa gobyerno, at taga-bili ng serbisyo. Iyong determination kung ano ang ibibigay sa ating mamamayan, iba po ang magdedesisyon diyan. Hindi po iyan korporasyon pero ito po iyong Health Technology Assessment Council. Ang nandidito po ay mga taong dalubhasa din sa larangan ng health care at sila po ang magde-determine doon sa mga benepisyo na ibibigay, hindi ang korporasyon mismo kasi ito ay taga-bili lang talaga ng serbisyo at taga-pagkolekta at taga--manage po ng pondo.

Bukod pa po diyan, itong korporasyon po ay subject din doon sa tinatawag nating GCG rules. Magkakaroon din po tayo ng mga oversight provisions. Ang Kongreso

po ay magkakaroon ng oversight committee dahil napakalaki namang pondong ini-invest natin dito sa sistemang ito, kaya natural na kinakailangan iyong taumbayan ay nasusubaybayan din kung paano nai-implement iyan. May probisyon din po iyong ating panukalang batas na nagbibigay sa mga mamamayan ng partisipasyon para magkaroon ng mas malawakang pananagutan dito sa korporasyon na ito, pero uulitin ko po, ang pinaka-importanteng kasagutan sa katanungan ng ating kaibigan ay mayroon pong hiwalay na entity at ito nga po iyong Health Technology Assessment Council na siyang magde-determine kung ano iyong maibibigay na serbisyo and the most cost-effective manner para sa ating mga kababayan.

REP. ZARATE. Salamat po, G. Isponsor, Mme. Speaker.

Tama po kayo, kaya nga po parang napansin natin ang daming mga bureaucratic processes na naman na dadaanan dito sa panukalang batas na ito bago natin maibigay iyong serbisyong pangkalusugan sa ating mamamayan.

Ito na lang po ang dagdag ko pang tanong: Doon ho sa kontribusyon, napansin ko na sa Section 47, Chapter 7, pakilina po ito dahil para hong napakalaki ito. Halimbawa, if you are a contributory member, napakalaki ng makakaltas sa iyo bilang isang empleyado. Halimbawa po, kung ikaw ay sumusuweldo lamang ng P20,000, ang kalalabasan nito, ang magiging contribution mo ay P6,000 a year. Hindi ho ba sa isang sumusuweldo lamang ng P20,000 a month, at pagkatapos ay kakaltasan ng P6,000 a year, at dahil din sa marami pang darating na mga buwis na ating papasanin sa darating na mga araw, hindi ho ba masyadong napakabigat nito sa ating mga mamamayan?

REP. ROQUE (H.). Hindi naman po dahil nakasaad naman po sa Section 47 na ito iyong mga empleyado ng gobyerno at ng pribadong sector, five percent nga pero hati po ang employer at saka employees and so effectively, 2.5 percent lang. Iyong mga self-employed naman at professionals, sa IRR po natin malalaman kung magkano talaga ang contribution nila dahil ang nakasaad lamang naman sa batas, “shall not exceed five percent.” So, nagkaroon lamang tayo ng cap pero sa implementasyon naman po ng batas na ito, pupuwede namang sabihin o pupuwede namang magtalaga ng mas mababang porsiyento. Sa tingin ko po sa IRR, para sa mga self-employed at sa professionals, baka 2.5 percent din po siguro ang magiging kaltas sa kanilang suweldo. In any case, iyong may P20,000 a month po na suweldo, five percent is equivalent to P1,000 a month, times 12 months, it will be P12,000. Tapos, hati nga po ang employer at saka employees. So, hindi naman po siya masyadong mabigat, halos kapareho nga lang po

ng binabayad sa PhilHealth. Hindi masyadong malayo ang pagkakaiba.

REP. ZARATE. Magkano po?

REP. ROQUE (H.). It is 2.5 percent, effectively, ang babayaran ng ating mga mamamayan.

REP. ZARATE. Maraming salamat G. Isponsor, Mme. Speaker.

Iyon na lang po ang mga iba kong katanungan dahil may susunod pa sa akin. Bilang pagtatapos na lang po siguro—mulí, ilalatag ko dito na sa panukalang batas na ito, bagamat natagurian itong Universal Health Coverage Law, sa tingin po ng Kinatawang ito at ng BAYAN MUNA, hindi pa rin nito nire-resolba ang ugat ng napakalalang sitwasyon ng pang-kalusugan sa ating bayan. Maraming may sakit dahil sa kahirapan at iyan ang talagang ugat kung bakit lumalala ang ating sitwasyon ng pangkalusugan—ang kawalan at kakulangan ng pagkain, kawalan ng trabaho hindi dahil walang health insurance. Ang ugat talaga ng lumalalang health situation natin ay iyong tuloy-tuloy na kahirapan sa ating bayan, hindi dahil napakalala ng problema sa PhilHealth. In fact, ang PhilHealth ay isa sa nagpadagdag na problema ng ating mamamayan. Hindi ho nakapagpapagamot ang ating mamamayan dahil kulang ang ating mga pasilidad, kulang ang ating mga health professionals lalong-lalo na sa pampublikong health facilities natin. Ang serbisyo ho natin ay lumalala, ito ho ang tuwi-tuwina ay binabalikan ko. Noong unang panahon, kapag pumunta ka sa pampublikong ospital, libre ho—libre ang gamot, libre ang doktor. Ngayon ho kapag pumunta ka sa pampublikong ospital, ultimo bulak o cotton ay kailangan ninyong bilhin dahil ang naging kalakaran ho natin ngayon, ang naging sistema natin ngayon, ang napakalimitadong pondo ng ating pamahalaan ay doon ilalagak sa insurance at ang pondo para sa operating expenses ng ating mga pampublikong ospita ay tinatapyasan. Kagaya ng para sa susunod na taon, halos dalawang bilyong piso ang tinapyas na naman sa operating expenses ng ating mga pampublikong ospital sa buong bansa, at saan ito ilalagak? Doon na naman sa PhilHealth.

So, iyon po ang ating sinasabi, na napakalaki ng pondo pero hindi maa-address ng panukalang batas na ito ang usapin ng mahal na gamot, ang kakulangan sa gamit at equipment ng ating mga pampublikong ospital at iba pa. In fact, isa sa hindi rin na-address dito ay iyong usapin ng debolusyon ng ating health service. Alam naman natin napakaraming mga pampublikong ospital ngayon na devolved sa ating mga local government units ang hindi na gumagana dahil sa kakulangan ng pondo.

Kaya iyon po ang nagiging tindig natin sa panukalang batas na ito at umaasa po tayo na talagang darating ang panahon na itong health services natin ay hindi tatalikuran ng estado at bagkus, kakalingain niya lalung-lalo na ang ating mga mahihirap na mamamayan.

Maraming salamat, G. Iponsor, Cong. Harry Roque, at maraming salamat, Mme. Speaker.

Magandang hapon ho sa ating lahat.

REP. ROQUE (H.). Maraming salamat din po kay Congressman Zarate, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Floor Leader is recognized.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, I move that we recognize the next interpellator, Rep. Emmi A. De Jesus of GABRIELA.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Cong. Emmi De Jesus is recognized.

REP. DE JESUS. Maraming salamat, Mme. Speaker.

Ang Representasyong ito ay dudugtong doon sa mga bumabagabag na katanungan kaugnay dito sa House Bill No. 5784, at alam ko naman na nakahanda na ang ating Kinatawag Harry Roque, ang Sponsor ng House Bill na ito. Can you confirm na nakahanda po kayo, Mme. Speaker?

REP. ROQUE (H.). Para po sagutin ang mga katanungan ng aking napakatagal na at napakabuting kaibigan, ang ating Kongresista galing po sa GABRIELA Party-List, karangan ko po na magbigay ng kasagutan sa kanyang mga katanungan.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Please proceed.

REP. DE JESUS. Kanina ko pa po naririnig iyong binabanggit ng ating kagalang-galang na Iponsor iyong pagkilala doon sa Thailand model bilang huwaran o parang tutularan kaugnay ng panukalang ito. Wala pa po ba kayong ibang bayan na inaral pa, katulad po ng bansang Cuba, kung ano ang kanilang patakaran pagdating po sa paglilingkod kaugnay ng health care para sa mga mamamayan?

REP. ROQUE (H.). Napag-aralan po namin ang napakadaming sistema at bagamat marami pong probisyon dito sa batas na ito at ang panukalang batas na ito ay nanggaling sa Thailand experience, I can assure you po, tiningnan namin ang lahat ng universal health care system sa buong mundo dahil itong universal health care system naman po, gaya noong sponsorship

speech ni Congresswoman Tan, ay isang polisiya na isinusulong din ng United Nations sa pamamagitan ng World Health Organization bilang isang pamamaraan upang magkaroon ng katuparan iyong karapatan sa mabuting kalusugan. Napag-aralan din po namin ang Cuba at ang problema nga lang po, parang iba iyong sitwasyon sa Cuba dito sa ating bayan, kaya naman ang ekspirensiya ng Thailand ay tiningnan natin kasi pagdating sa populasyon, pagdating sa ekonomiya, pagdating sa kultura, siya po ang pinakamalapit sa Pilipinas.

Now, tiningnan din po natin iyong ekspirensiya ng Taiwan, ng United Kingdom, ng Indonesia, ng Vietnam, pati po ng Sri Lanka, at nakita po natin na bagamat napakaganda noong Cuban model, e unang-una, populasyon, napakaliit naman ng populasyon ng Cuba; pangalawa, iyong numero ng duktor, napakadami pong duktor talaga na kinakailangan under the Cuban model; at pangatlo po, dahil socialist country ang Cuba, talaga nga naman po na ang mga institusyon, iyong mga tinatawag na health providers po, 100 percent diyan ay talagang gobyerno.

So, parang hindi natin pupuwedeng tularan kaagad-akaran ang Cuban model bagamat pansinin ninyo po ang sabi ko “kaagad-akaran,” kasi kapag nagsimula naman tayo dito sa panukalang batas na ito ay pupuwede po naman mangyari na lahat ng health providers ay magiging 100 percent government, at pupuwede nating gayahin iyong Cuban model. Kaya lang, dapat handa tayo doon sa budget na kinakailangan para rito, at iyong estimate nga po namin kanina na hiningi ko sa Department of Health, kung gusto natin na 100 percent na gobyerno talaga ang magpo-provide ng lahat ng health services, ito ay e tumataginting na one trillion pesos a year. Siguro naman po, kapag tayo ay yumaman at naging mas maunlad pa tayo at maging isang developed country, baka kayang-kaya na natin iyon dahil iyong karanasan naman ng national health service ng UK ay ganoon din po, mayroon din pong premiums na kinakaltas mula sa suweldo maski na po doon sa mga lugar na ang health services ay 100 percent na iyong naibibigay ng gobyerno.

REP. DE JESUS. Salamat po, Congressman Harry Roque, Mme. Speaker.

Kaya ko po ito naitanong, lumalabas ano, magsisimula po tayo doon sa kongkretong kalagayan ng ating mamamayan. Puwede po bang matanong kung ano po ang kalagayan natin ngayon kapag pinag-uusapan ang primary health care, Mme. Speaker, kagalang-galang na Iponsor?

REP. ROQUE (H.). Nakakalungkot po. Pagdating sa primary health care po, ang PhilHealth, ang naibibigay lang nito ay ang primary health care package doon po sa kasapi sa National Household Targeting System o

mga beneficiaries ng 4Ps. Iyong mga hindi miyembro po ng 4Ps, wala pong kahit anong benepisyong primary health care na nakukuha, at least, mula sa PhilHealth. So, pati po iyong sinasabi nilang zero balance collection ay iyan po ay para lang doon sa beneficiaries din ng 4Ps, sa senior citizens, pero napakalaki pa po ng porsyento ng ating populasyon ang hindi nakaka-avail ng libreng primary health care.

REP. DE JESUS. So, G. Isponsor, ito po talaga iyong nais naming tumbukin. Unang-una, kapag sinabi nating nakakalungkot ang kalagayan ng ating mamamayan na nangangailangan ng primary health care, hindi ba ang dapat na bigyan natin ng pansin ay iyon pinakasimpleng pamamaraan ng pagbibigay ng serbisyo, Mr. Sponsor?

REP. ROQUE (H.). Opo, kaya nga po sang-ayon sa panukalang batas na ito, ay ang magkakaroon talaga tayo ng primary health care provider for every Filipino, basic health services sa kada barangay, at ito po ang layunin talaga, na magkaroon ng primary health care provider sa lahat po ng ating mga barangay.

REP. DE JESUS. Ang malungkot po nito, kaya ko po sinasabing pinakasimple, dahil sa kalagayan po ngayon, ano, nabanggit na rin po ng ating kasamahan kaugnay noong reyalidad, iyong ating sinasabi ngang “reality bites,” na kapag pupunta ka sa pampublikong ospital, talaga namang nanginginig iyong ating mga pasyente diyan na alam nila na katakut-takot na kasunod na bayarin ang direktang doon sa kanilang bulsa ang kailangang ihanda. Ang nais ko pong sabihin, bakit kinakailangan pa natin ang isang layer ng serbisyo na magbubuo ka pa ng isang korporasyon na magtitiyak at mangongolekta ng pondo para ibigay nga ang sinasabi nating reyalidad na nakakalungkot ang kalagayan ng ating maraming mamamayan dito po sa pinag-uusapan pa lang natin na primary health care. In fact, gusto ko rin pong idugtong, ano po ba ang datos ninyo bilang Kinatawan din ng sektor ng kababaihan? Ano po ang datos ngayon ng DOH kapag pinag-uusapan naman iyong usapin ng maternal health care, G. Isponsor?

REP. ROQUE (H.). Unang-una po, pagdating doon sa primary health care, talaga po namang hindi sapat ang pondo na nilalaan ng gobyerno para lahat ng barangay natin ay magkaroon ng provision for primary health care. In fact, sa ngayon po, 3.9 percent pa lamang ng ating GDP ang nailalaan natin para sa health care. Napakaliit po nito kung iko-compare natin maski sa bansa na gaya ng Thailand na gumagastos ng halos 10 porsyento at mas malaki po ang GDP nila. So, ang katotohanan po talaga, walang primary health care dahil hindi tayo naglalaan ng sapat na pondo para diyan sa provision ng primary health care, ano.

Now, ngayon po, ang sistema natin—well, sa ilalim po ng panukalang batas na ito, iyong tinatawag na public health facilities o iyong mga population health requirement ay maibibigay din ng mga LGUs, at iyong primary medical care naman and in-patient benefits gaya ng mga konsultasyon ay maibibigay na ng Health Security Corporation.

REP. DE JESUS. So, ang ibig pong sabihin nito, ang tinutugunan ninyo po ba ay iyong sa second question ko kaugnay ng maternal health care ...

REP. ROQUE (H.). Hindi ko pa po nasasagot iyong tanong sa maternal health care.

REP. DE JESUS. ... o sa primary ...

REP. ROQUE (H.). Sandali po. Wala sa data ko itong maternal health care. Ang mayroon lang po ako dito ay iyong para sa primary health care. Dito po sa maternal health care, ito po ang data: sa 2016, iyong skilled birth attendance ay mayroon po tayong 92 percent; ang facility-based deliveries natin ay 89 percent; ang maternal care, ito po iyong mga contraceptive, sa prevalence rate, ang itinaas ay 55 percent o tumaas ng 55 percent noong 2016.

REP. DE JESUS. So, ito po iyong, sa bahagi po ng party-list, primary health care na problema ng maraming-marami nating kababayan, at kapag sinabi ninyo po primary health care, kasama na rin diyan iyong maraming bata at kababaihan. Isama mo pa iyong problema, iyong natatangi o distinct problem ng ating mga mamamayan o ng ating mga kababaihan na sa kasalukuyang serbisyo na maa-avail nila nang libre, ay talaga pong kadusta-dusta. Nag-a-agree po ba kayo dito, G. Isponsor?

REP. ROQUE (H.). Opo, Mme. Speaker. Gaya nga noong aking sinabi sa aking sponsorship speech, kaya nga po natin binalangkas itong panukalang batas kasi sa nangyayari po ngayon, ay napakadami nating kababayan na namamatay dahil sila ay naghihirap at kinakailangan talagang gumawa ng pamamaraan para naman matigil ito, na mamamatay ka dahil ikaw ay mahirap lamang. So, nagkaroon po tayo ng mga pamamaraan na sa pamamagitan nga ng Philippine Health Security Corporation, lahat ng Pilipino, dahil sila ay Pilipino, ay magkakaroon ngayon ng access sa primary health care. Now, ano ba ang mga serbisyong maibibigay sa ilalim ng primary health care? Ito po ang mga serbisyo na iyan: iyong mga konsultasyon po sa duktor, iyong laboratories, iyong medicines na take-home.

Now, kasama po diyan sa garantiya natin, lahat ng life stages at lahat noong triple burden of disease, kasama

po iyong communicable diseases gaya ng HIV-AIDS, TB, malaria, dengue, leptospirosis, ebola, zika, at kasama din iyong non-communicable diseases, cancer, diabetes, heart disease, risk factors, obesity, smoking, and diet—kasama na po ako doon—sedentary lifestyle at saka iyong malnutrition; at kasama na iyong diseases brought about by rapid urbanization and industrialization, iyong injuries na work-related, substance abuse, mental illness, pandemics, labs and medicines, health consequences of climate change or disaster.

Sa ngayon po ay hindi po nabibigay ng gobyerno talaga ang mga iyan.

REP. DE JESUS. G. Isponsor, Mme. Speaker, ang nakikita ko pong matatag na inihahain ng solusyon ng panukalang batas na ito ay isang napaka-bureaucratic na mayroong iba't ibang papel. Bagamat ito ay pangungunahan ng Department of Health, may iba't ibang ahensiya o sangay na gagampan. Ang pinakanakababala talaga dito, iyon pong konsepto na magbubuo pa talaga ng isang korporasyon na magtitiyak ng tagabili ng serbisyo—iyon pong pananalita dito, ano—at magma-manage ng pondo. Samantalang kung may pondo talaga na inilalaan—at idinadaan naman natin sa Kongreso ito—kapag pinag-uusapan naman natin every year, kung anuman ang pondo na ina-appropriate or inilalaan sa mga serbisyong pangangailangan ng mamamayan, ay tukoy na tukoy na natin na isa sa mahalagang pangangailangan na serbisyo ay ang serbisyong pangkalusugan.

Ang tanong po ng Representasyong ito ay—ang ginagamit ko ngang term dito ay kailangan pa ba natin ng isang layer, kailangan pa ba nating balutan ng mga mahihiwagang pamamaraan? Hindi ba dapat, kagyat, G. Isponsor, ang pinakasimple na pamamaraan ang gusto natin kasi nag-uusap pa lang po tayo sa primary health care. Hindi ba ang pinakamagandang pamamaraan sa panahon po ng deliberasyon at pag-uusap ng Kongreso bilang sinasabi nga natin na tayo ang taga-hawak ng purse na ilalaan, hindi po ba pinakasimple ang pagtitiyak na laanan talaga ng pondo, diretso pong lagyan ng pondo ang lahat ng pampublikong ospital? Pangunahan na ng DOH ang pag-identify dito sa mga ospital na namorolema na doon sa mga area na pinatunayan, at marami naman po tayong mahihingan ng testimonya, at ano ang mga rehiyon na nangangailangan. Hindi po ba, nag-a-agree po ba kayo na pinakasimple na talaga ito rather than napakakumplikado at magbubuo ng iba't ibang sangay, galamay na pag-uusapan na lang kung ano po ba ang pangangailangan? Kung primary health care iyong kagyat nating aasikasuhin, laanan na lang kaagad at hanapan ng pondo. Nag-a-agree po ba kayo dito, G. Isponsor?

REP. ROQUE (H.). Ang problema po talaga, Mme. Speaker, ang ideal ay kung kaya nating bayaran lahat

iyang, bakit hindi, pero gaya ng aking sinabi po kanina, ang halaga yata para maibigay iyan sa ating mga mamamayan ay hindi bababa sa isang trilyong piso kada taon, at sabi ko nga kanina, P3.8 trillion lamang ang proposed budget for 2018 kaya gumagawa tayo ng pamamaraan.

Pangalawa po, maski gustuhin natin na lahat ng ospital ay maging gobyerno na ay talagang hindi po ganyan ang katotohanan natin ngayon. Ang katotohanan po ngayon ay napakakaunti pa po ng mga pampublikong ospital natin kaya nga po ang kailangan ay one trillion pesos kung lahat ng ospital ay gagawin nating pampubliko. Sa ngayon po, 35 porsyento lamang ang mga pampublikong ospital at 65 porsyento po ang mga pribadong ospital, kaya nga po gumawa kami ng pamamaraan. Siguro po, tayo ay tutungo doon sa complete takeover by the government of all health facilities, parang Cuban model, and that is without prejudice po. Sa ngayon po, habang P3.8 trillion lamang ang ating badyet at nangangailangan ng one trillion pesos para maging completely 100 percent public-run ang ating health care system ay mukhang kahit ano pong pag-uusap natin ay talagang hindi tayo magkakaroon ng sapat na pondo para diyan. Kaya nga po ang alternatibo ay gamitin natin iyong karanasan noong ating mga kapit-bahay at iyong modelo na ang UN mismo ang nagsusulong at ito ngang sistemang ito ay nariyan pa rin ang DOH na magbibigay ng mga standard at mga polisiya, nandiyan pa rin ang mga LGU na magbibigay ng population health requirement, at itong bagong korporasyon na magbibigay ng primary medical care and in-patient care.

So, sa sistema po natin ngayon, hindi naman po puwede na bigyan lang ng mas malaking pondo ang mga pampublikong ospital kasi nga po ay iyong sistema natin ngayon, mayroon tayong PhilHealth na hindi naman nakapagbibigay ng mga primary health care requirement man lang ng ating mga mamamayan at iyong katotohanan po, gaya ng sinabi ko, na minority pa rin po ang mga pampublikong pagamutan dito sa ating bayan.

REP. DE JESUS. Maraming salamat po, G. Isponsor, doon sa kasagutan, na parang ang sakit sa dibdib ...

REP. ROQUE (H.). Opo, masakit po, Mme. Speaker.

REP. DE JESUS. ... kapag pinag-uusapan talaga, na para bang hirap na hirap na talagang i-address sa kagyat. Sa bahagi po kasi natin, ito iyong puwede talagang pag-isipan kasi iyong binanggit na rin ng ating kagalang-galang na Isponsor na talagang lumalabas iyong relative doon sa bilang ng pampublikong ospital at doon sa bilang ng pamprivadong ospital

iyon pong mantra na talagang nagaganap sa lahat ng serbisyo, na ang serbisyo ay nagiging negosyo. Ito po iyong nakikita naming nagiging mantra na ng kasalukuyang sistema ng pamahalaan na kitang-kita natin, samantalang ang serbisyong pangkalusugan ay usapin nga ito ng right at nasa Saligang Batas pa nga. Kaya, bagamat sinasabi natin na at this point in time, iyong pagbabadyet pa nga lamang sa public hospitals ay mangangailangan, hindi ba, ano na nga ito, nakababahala na nga?

Imbes na ang pag-isipan natin ay iyong ibang pamamaraan, ang challenge, I think, among us legislators, is to ensure na kapag ang pinag-uusapan talaga ang pondo, ay iyong pag-e-ensure na mailagay nga ito sa serbisyo.

I am sorry. Inaaligid-aligiran na po ako ng ating Rules Committee pero sa totoo po, ang gusto pong irehistro ng Representasyong ito, kasi ang GABRIELA po, pag sinabi namin ang aming mantra ay babae, bata at bayan ang dapat na pinaglilingkuran o ipinaglalaman, wala kasing isyu talaga o sa lahat po ng isyu ay isyu talaga ng kababaihan. Ang isyu ng bayan ay isyu ng kababaihan at kapag pinag-usapan po talaga ang health, ang nasa larawan po ay ang pinakamaraming kababaihan kapag pinag-usapan ang kalusugan, at talaga pong alarming and it encompasses all health problems.

Sinasabi ko nga kanina, iba pang usapin talaga iyong maternal health, na tayo, bilang pagkilala sa papel ng kababaihan sa lipunang ito, dapat may distinct na pag-iisip din tayo para i-address iyong distinct maternal health, pero ang pinag-uusapan pa lang po natin ngayon dito ay primary health care. Sa paninindigan po ng Representasyong ito, rather than isang panukalang batas na magbibigay pa ng komplikasyon sa pag-a-avail ng isang napaka-basic, primary nga e at hindi pinag-uusapan—ospital, ospital, ospital, na talagang tatakbo ka sa ospital, nagkasakit ka kasi, talaga namang malabo ang nutrisyon mo, wala kang malinis na tubig, at hindi pa nga po tayo pumapasok doon sa preventive, kaya sa puntong ito po, sa bahagi po ng Representasyong ito, nais ko lamang pong irehistro na lahat po ng mga katanungan na para po sa panukalang batas na ito ay tumutumbok doon sa isyu ng paninindigan na kung health service iyan, dapat sa pinakasimpleng pamamaraan na makapagbibigay tayo ng libre, angkop, kagyat at higit sa lahat, ito po ay batayan.

Kaya, Mme. Speaker, G. Isponsor, ito po ay pagrerehistro ng aming paninindigan, at sa atin pong mga kasamahan sa Kongreso, ito po ang dapat na mas challenge sa atin. Kung sinasabing kapos sa badyet, bakit hindi natin pag-isipan ito. Ito po ay hindi simple o hindi komplikadong pag-address, kung hindi iyon pong makapagbibigay tayo ng serbisyo sa higit na nangangailangan, at hindi po pinag-iisipan at hindi po pinagtutubuan at gagawing negosyo o popondohan pa

para magkaroon po ng mahirap na pamamaraan ang ating mga nangangailangan ng health services. So, Mme. Speaker, G. Isponsor, dito ko tinatapos ang aking interpellation.

Maraming salamat.

REP. ROQUE (H.). Maraming salamat po sa mga kuro-kuro na ipinarating ng ating mabuting kasama galing po sa GABRIELA Party-List, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Thank you.

The Floor Leader is recognized.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, there being no more Member who wishes to interpellate and no Member registered to speak against the measure, I move that we terminate the period of sponsorship and debate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, I move that we open the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The period of amendments is open and we will now consider Committee amendments.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, earlier, we distributed to all the Members copies of the substitute version of House Bill No. 5784. Mme. Speaker, pursuant to Section 104 of our House Rules, I move to amend by substitution the entire Bill as contained in Committee Report No. 273, with the contents of the substitute version earlier distributed to all Members.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion to amend by substitution is approved.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, I move that we proceed to consider individual amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, there being no individual amendments, I move that we close the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The period of amendments is closed.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, I move that we approve House Bill No. 5784, as amended, on Second Reading.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

As many as are in favor of House Bill No. 5784, as amended, please say *aye*.

SEVERAL MEMBERS. *Aye*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). As many as are against, please say *nay*.

FEW MEMBERS. *Nay*.

APPROVAL OF H.B. NO. 5784, AS AMENDED, ON SECOND READING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The *ayes* have it; the motion is approved.

House Bill No. 5784, as amended, is approved on Second Reading.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Floor Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 5675

Continuation

PERIOD OF AMENDMENTS

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we resume the consideration of House Bill No. 5675 as contained in Committee Report No. 246. May we direct the Secretary General to read only the title of the said measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears one; the motion is approved.*

The Secretary General is directed to read only the title of the Bill.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 5675, entitled: AN ACT ALLOWING THE

RECTIFICATION OF SIMULATED BIRTH RECORDS AND PRESCRIBING ADMINISTRATIVE ADOPTION PROCEEDINGS FOR THE PURPOSE.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Floor Leader is recognized.

REP. HERRERA-DY. The parliamentary status is that we have terminated the period of sponsorship and debate. I move that we recognize the Hon. Sandra Y. Eriguel, M.D., Chairperson of the Committee on Social Services, to sponsor the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The Hon. Sandra Eriguel is recognized.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we open the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The period of amendments is open and we will now consider Committee amendments.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, earlier, we distributed to all the Members copies of the substitute version of House Bill No. 5675. Mme. Speaker, pursuant to Section 104 of our Rules, I move to amend by substitution the entire Bill as contained in Committee Report No. 246, with the contents of the substitute version earlier distributed to all the Members.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion to amend by substitution is approved.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we consider individual amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, there being no Member who registered to propose individual amendments, I move that we close the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

* See MEASURES CONSIDERED (printed separately)

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we approve House Bill No. 5675, as amended, on Second Reading.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; motion is approved.

As many as are in favor of House Bill No. 5675, as amended, please say *aye*.

SEVERAL MEMBERS. *Aye*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). As many as are against, please say *nay*.

FEW MEMBERS. *Nay*.

APPROVAL OF H.B. NO. 5675, AS AMENDED, ON SECOND READING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The *ayes* have it; the motion is approved.

House Bill No. 5675, as amended, is approved on Second Reading.

The Floor Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. HERRERA-DY. I move to suspend the session for a few minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The session is suspended.

It was 6:30 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 6:31 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The session is resumed.

The Floor Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 6165 ON SECOND READING

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we consider House Bill No. 6165, contained in Committee Report No. 349, as reported out by the Committee on Legislative Franchises.

May I ask that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.*

The Secretary General is directed to read only the title of the measure.

With the permission of the Body, and since copies of the measure have been previously distributed, the Secretary General read only the title thereof without prejudice to inserting its text in the Congressional Record.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 6165, entitled: AN ACT GRANTING THE DEUS AMOR EST BROADCASTING, INC. A FRANCHISE TO CONSTRUCT, INSTALL, ESTABLISH, OPERATE, AND MAINTAIN RADIO AND TELEVISION BROADCASTING STATIONS IN THE PHILIPPINES.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that the Chairperson of the Committee on Legislative Franchises, Rep. Franz E. Alvarez, be recognized to begin the sponsorship of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Congressman Franz Alvarez is recognized.

REP. ALVAREZ (F.). Mme. Speaker, I move that the Explanatory Note of the Bill be considered as the sponsorship speech on the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Floor Leader is recognized.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, there being no Member who wishes to interpellate or speak against the measure, I move that we terminate the period of sponsorship and debate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. HERRERA-DY. I move that we open the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

* See MEASURES CONSIDERED (printed separately)

The period of amendments is open and we will now consider Committee amendments.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, there being no Committee amendments, I move that we now proceed to consider individual amendments, if any.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, there being no individual amendments, I move that we close the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we vote on House Bill No. 6165 on Second Reading.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). As many as are in favor of House Bill No. 6165, please say *aye*.

SEVERAL MEMBERS. *Aye*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). As many as are against the motion, please say *nay*.

FEW MEMBERS. *Nay*.

APPROVAL OF H.B. NO. 6165 ON SECOND READING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). The *ayes* have it; the motion is approved.

House Bill No. 6165 is approved on Second Reading.

The Floor Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 6166 ON SECOND READING

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we consider House Bill No. 6166, contained in Committee Report No. 350, as reported out by the Committee on Legislative Franchises.

May I ask that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.*

The Secretary General is directed to read only the title of the measure.

With the permission of the Body, and since copies of the measure have been previously distributed, the Secretary General read only the title thereof without prejudice to inserting its text in the Congressional Record.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 6166, entitled: AN ACT EXTENDING FOR ANOTHER TWENTY-FIVE (25) YEARS THE FRANCHISE GRANTED TO FILIPINAS BROADCASTING NETWORK, INC. UNDER REPUBLIC ACT NO. 8168 ENTITLED "AN ACT GRANTING THE FILIPINAS BROADCASTING NETWORK, INC. A FRANCHISE TO CONSTRUCT, INSTALL, OPERATE AND MAINTAIN RADIO AND TELEVISION BROADCASTING STATIONS IN THE PHILIPPINES."

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that we recognize the Chairperson of the Committee on Legislative Franchises, Rep. Franz E. Alvarez, to begin the sponsorship of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Rep. Franz Alvarez is recognized.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, I move that the Explanatory Note of the Bill be considered as the sponsorship speech on the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Sema). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. HERRERA-DY. Mme. Speaker, there being no Member who wishes to interpellate or speak against the measure, I move that we terminate the period of sponsorship and debate.

